

makalabas at maipangaral ang Ebanghelyo, sinimulan ang unang ebanghelisasyon, kaya gayundin, sa inyong senakulong ito, kayo'y tinatawagan kong lahat upang maging mga apostol ng ikalawang ebanghelisasyon.

126: Ang akin Balakin

126c: Ang aking balakin ay maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ninyo.

250e: Sa pamamagitan ninyo, maisasakatuparan ko ang mapagmahal na balakin ng kaligtasan na ipinagkatiwala sa akin ng Santisima Trinidad. Makikita ninyo ang isang bagong pagsilang ng kalunos lunos na sangkatauhang ito sa kanyang ganap na pagbabalik sa Diyos ng Kaligtasan.

358c: Ako ang Ina at Reyna ng mga pamilya. Binabantayan ko ang kanilang bahay, dinadala ko ang kanilang mga suliranin sa aking puso, pinawiwili ko ang sarili hindi lamang sa kanilang espirituwal na kabutihan kundi gayon din sa material na kabutihan ng lahat ng kanilang mga miyembro.

358m: Kinakailangang gampanan ninyo ang inyong papel, katulad ng ang Makalangit na Ama ay ginagampanan ang sa kanya. Ang inyong pagkilos ay kinakailangang nakayakap duon sa banal na pagkalinga, na ang gawain harinawa'y anihin ang kanyang bunga sa mga kabutihang iyon na kapaki-pakinabang para sa pagbibigay lakas sa inyong buhay, para sa pagpapayaman ng pamilya misyo, sa isang tanging paraan na ang kanyang mga miyembro ay lagging makapagtatamo ng espirituwal at material na kagalingan.

Ang Aming Lakbayin

Pagbibigay lunas (Espirituwal at Materyal) ng Kahirapan

Deuteronomy 15:4-6: "Nguni't hindi magkakadukha sa iyo (sapagka't pagpapalain ka nga ng Panginoon sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios na pinakamana upang iyong ariin), Kung iyong didinggin lamang na masakap ang tinig ng Panginoon mong Dios, na isagawa ang buong utos na ito na aking iniutos sa iyo sa araw na ito. Sapagka't pagpapalain ka ng Panginoon mong Dios, na gaya ng ipinangako niya sa iyo: at ikaw ay magpapautang sa maraming bansa, nguni't hindi ka mangungutang; at ikaw ay magpupuno sa maraming bansa, nguni't hindi ka nila pagpupunuan".

Aming napag alaman sa Ensiklikal na Halaga ng Katotohanan na ipinalabas ni Santo Papa Benedict XVI na ang muling pamimigay ng malakihang kayamanan sa buong mundo; kung maging masama ang pamamalakad, gayunman, ito ay maaring magdulot na mas higit na kahirapan at hindi pagkakapantay pantay, at maaari pang maging bunga ng pandaigdigang krisis. Sa lumipas na mahabang panahon, ang mga mahihirap na tao ay dapat lamang na kanilang pirming pamumuhay and maging kuntento na lamang sa ibinibigay na mga pilantropo ng mauunlad na pamumuhay. Sa Mahabang panahon ang naging isipan ng mga tao ay dapat lamang na manatili sa pirming estado ng pamumuhay, at maging kuntento na lamang sa mga natatanggap sa mga binibigay na galing sa pilantropo ng mauunlad na mamamayan. Ang ganitong klaseng mentalidad ay mariing tinutulang ng Banal na papa na si Pope Paul VI sa Populorum Progressio. Na ang ibig sabihin ay, hindi lamang ang pagbibigay ng limos sa mga mahihirap, bagkus ay tulongan sila na tulongan ang kanilang mga sarili upang buksan ang landas tungo sa kalayaan ng Ekonomiya.



The Economic Freedom Movement

443d: Nakikita ko ang inyong sigasig sa Apostolado; batid ko ang inyong mga labis na paghihirap; pasan pasan ko ng kapiling kayo ang bigat ng inyong mga pang araw-araw na pagdurusa. Higit sa lahat, tinitingnan ko lakip ang pagmamahal ang inyong masakap na kalinga para sa mga maralita, sa mga sinisiil, ang mga iyon sa mga kahulihulihang antas sa inyong pagpupunyagi na palayain sila mula sa pagka alipin ng karalitaan at hirap.

Ang Senakulong Pang-pamilya ng Birheng Maria ay nagpapahayag ng ebidensiya ng pagmamalasakit sa kabanalan ng Senakulong Kilusan ng mga Pari.

Ang ating debosyon at papel bilang mga tapat na tagapaglingkod sa Pagtatalaga ng mga Pamilya na ninanais ng ating Banal na Ina sa koordinasyon ng mga Parokya ng mga Pari.

73i: Huwag maging di-mapakali kung matutuklasan mo yong mga kilusan na binigyang-sigla ng mga nilikha na pinahiwatigan ng aking sarili ay sumibol doon at dito: bagkus, lahat ay bahagi ng aking dakilang balakin. At kaya bawat bagay ay kinakailangang nasa kanilang lugar.

Ang mga sumusunod ay aming ibinabahagi kasama ng mga Kaparian:

a) Ang Aking Aklad

284: Ang Aking Handog sa Inyo

284j: Basahin ito, mga mahal kong supling, magnilay-nilay ditto, isabuhay ito! Huwag kang mag-alinlangan; ako ay nangungusap sa inyo. Sa pamamagitan ng mga katagang ito, ako ay naririto at pinatunayan ang sarili.

358a: Minahal ko kayo, ako ay naroroon sa inyong piling, ako ay nangungusap sa inyo at inaakay kayo pagkat kayo and mga kasangkapan ng aking makainang kalooban.

b) Rosaryo at Krusipihon

364b: Kayo'y nilalagdaan nila ng aking tatak. Kayo'y muli nilang binibihisan sa aking kalasag. Kayo's binibigyan nila ng krusipihon at ng rosaryo bilang mga sandata upang magamit para sa dakilang tagumpay.

Ang Pagpalaganap ng Senakulong Pang-pamilya na Inibig ng Mahal na Birhen

392f: Maging mga tagapagpatunay ng panalangin. Manalangin nang lagi; manalangin pa; manalangin sa pamamagitan ng Santo Rosario. Paramihin ang mga senakulo ng panalangin, sa hanay ninyong mga pari at mga nananalig. Higit sa lahat, palaganapin sa buong palibot ninyo ang mga senakulong pampamilya, na

iniibig ko bilang isang lunas para sa mga labis na kasamaan na ngayo'y isinasapanganib ang buhay ng mga pamilyang Cristiano, sa pamagitan ng pagsabatas ng aborsiyon, ng diborsiyo at sa lahat ng sistema na hinahadlangan ang buhay.

417k: Hinuhubog ko kayo tungo sa panalangin, na nararapat na lagi niyong isinasagawa nang kaisa ako. Paramihin, sa bawat ng panig ng daigdig, mga senakulo ng panalangin na hinihiling ko sa inyo, tulad ng mga sulong binuhay sa gabi, tulad ng mga tiyak na tuldok na pagtukoy, tulad ng mga kublisan na kinakailangan at hinahanap. Higit sa lahat, hinihiling ko na ang mga senakulong pampamilya'y lalu't lalong maparami, upang mapaglaanan kayo ng isang ligtas na tahanan sa dakilang pagsubok na naghihintay sa inyo.

419f: Ngayon, ipinahayag ko sa inyo ang aking maka inang kasiyahan para sa inyo pagpapa unlak sa aking kahilingan, na sinasabi ko sa inyo, na ang mga senakulong pang-pamilya'y palaganapin sa lahat ng dako, bilang isang malawakang lambat ng kaligtasan. Pinaunlakan ninyo ang aking hiling at tinupad ko ang aking pangako.

419g: Ngayon na kayo'y pumapaloob sa kahuli-hulihang dekada ng dan-taong ito, kung kalian ang mga mapagpasiyang pangyayari na maghahatid sa inyo sa tagumpay ng aking Kalinis-linisang Puso ay magwawakas, hinihiling ko sa inyo na ang senakulo ng mga pari, ang mga senakulo ng mga nananampalataya at lalo na ang senakulong pampamilya'y lalo pang paramihin. Hinihiling ko nang tangi na may mabuo sa lahat ng dako na mga senakulong pambata, bilang isang krusada ng mga musmos na panalangin, sa hangarin na bumuo ng isang malawakang hadlang laban sa paglaganap ng kasamaan at kasalanan at bayaan ang Diyos ang inyong Makalangit na Ina na papangyarihin ang tagumpay ng kabutihan at pagmamahal. Magsibalik sa inyo inyong tahanan sa kapayapaan at maging mga apostol ng aking Kilusang ito ng buong Brazil.

Sa Mga Puso Lamang ng mga Hamak na Nilikha

418a: Tingnan ang lahat ng mga supling kong ito: Sila'y payak, sila'y aba, sila'y subok na subok na sa pagdurusa at Kahirapan. Gayunpaman, masdan kung paano sila tumugon ng buong kaluwagang loob sa aking kahilingan para sa paghahando at para sa panalangin.

418b: Hinihiling ko na ang mga pambatang senakulo'y paramihin sa bawat panig ng daigdig pagka't tinatawagan ko sila sa isang krusada ng panalangin at paghahandog para sa kaligtasan ng daigdig.

418c: Ang pagtugon na ito ay ibinigay sa aking ng kabataan, na sa malalaking bilang ay tinanggap sa kani-kanilang buhay ang panata na nangagaling sa kanilang paghahandog sa aking Kailinis linisang Puso at nagsisikap na isabuhay ito sa pagpupunyagi na takas an ang kasalanan, sa pagpapanatili sa kalagayan ng grasyang nagpapa banal, at sa pagtupad ng mga bertud na cristiyyano, lalo na ang kadalisan. Sila'y dumating nang sama-sama upang manalangin ng kapiling ko at mag isip-isip sa aking salita, na magiliw silang inaakay upang isa-buhay ang Ebanghelyo ni Hesus. Ang bilang ng mga kabataan nilalang na sumusunod sa landasing binakas ng inyong Makalangit na Ina ay magiging parami ng parami.

Sa Mga Puso Lamang ng mga Hamak na Nilikha

418F: Ngayon, habang ako ay pinarangalan ninyo sa sandal na kalong ko sa aking mga bisig, ang Nino Hesus tungo sa temple ng Jerusalem, ipinahahayag ko sa inyo na rito nagsimula ang aking tagumpay. Bawat araw, sa mga puso lamang ng mga hamak na nilikha, pinanpanday ang pinakadakilang tagumpay ng aking Kalinis-linisang Puso.

5: Ako ang Inyong Magiging Puno.

5e: Ako mismo ang magiging puno ng hukbong ito.

126d: Pagka't ako inyong puno. Nararapat kayong sumunod sa aking mga utos ng buong amo at bayaan ang mga sarili na akayin ko. Huwag ninyong itanong kung saan kayo'y aking dadalhin.

Mensahe para sa mga Pilipinong Itinalaga

"Isang Dakilang Layunin para sa Lahing ito"

Cebu (Pilipinas), 2 Oktubre, 1980

210a-b: Masdan ang malalaking kapuluang ito at tignan kung paanong ang aking gawain ay lumalaganap na rin dito, sa isang napakatangi tanging paraan. Namamasdan mo ang aking mga kababalaghan sa bawat panig ng daigdig. Inihayag ko din sa iyo ang mga panahon at mga pook kung saan ang tagumpay ng aking nasa Puso ay natutupad.

d: Ako ay mayroong isang dakilang layunin para sa lahing ito. Ako ay binibigyan nila ng kasiyahan ng pamamagitan ng kanilang kapayakan, kanilang pagka mapagmahal, kanilang labis na karalitaan, kanilang kababaang loob at tiyaga.

g: Ang iyong pagdalo ay isang palatandaan ng aking kakaibang pamamalagi sa kanilang piling.

h: At pagkatapos, ang Simbahan at ang daigdig ay makikita ang oba maestro ng pagmamal, na para sa kasalukuyan ay aking pinangangalagaan ng buong ingat sa aking kalinis linisang puso.

Manila (Philippines), October 13, 1980

211b-d: Mula sa lupaing ito, mahal sa kin dahil sa pag-ibig at debosyon na sa pamamagitan nito ako ay minamahal at pinagpipitagan, muli kong pinaabot sa daigdig ang aking nagdadalamhating panawagan na ginawa ko sa araw ding iyon sa Fatima at siyang bumubuod, sa iilang salita, ng mensahe na ikinapanaog ko mula sa langit upang ipahayag sa inyo. Huwag na muling magkasala! Huwag ng labagin pa ang aking Anak na si Hesus na labis ng nilabag. Magbalik sa Diyos sa pamamagitan ng inyong pagbabagong loob sa landasin ng panalangin at pagtitika.

211j: Mula sa pinagpalang bansang ito, para kung saan ako ay mayroong isang dakilang layunin ng pagmamahal at liwanag, kayo'y tinitipon kong lahat sa kublisan ng aking Kalinis linisang Puso.

Mga Apostol ng Ikalawang Ebanghelisasyon

Ang Pagtatalaga ay isang simula. Ang Pinagpalang Ina ay sumali sa mga Apostoles sa panalangin sa Itaas ng Silid. (Mga Gawa 1: 14). Sa parehas na pamamaraan sa mga bagong apostoles ay gayun din ang pag gabay at paghahanda niya sa kanyang itinalagang mga anak ng Senakulong Kilusan ng mga Pari (MMP) at sa pagtutulungan ng mga mananampalataya na maipalaganap ang Senakulong Pang Pamilya upang mabigyang lunas ang espirituwal at Materyal na Kahirapan.

468: Humayo at Mangaral

468c: Katulad din sa Senakulo ng Jerusalem binuksan ko ang pintuan nang sa ganoon ang mga Apostol ay